



Sa PhilHealth, Alaga Ka Kapatid na Katutubo!

(A PhilHealth Coverage for Indigenous Peoples)

By: Dinna G. Tolentino, PRO III-PAU

Mas inilalapit ng PhilHealth ang programa sa ating mga kapatid na katutubo upang maiparamdam sa kanila na sila ay mahalaga at maiangat ang kanilang dignidad sa pamamagitan ng pagiging rehistradong miyembro.”

Ito ang layon ng Local Health Insurance Office (LHIO) Olongapo, Zambales sa pangunguna ng hepe nito na si Leny D. Fajardo sa kanilang pagbisita noong Marso 30-31, 2022 sa Brgy. Iram, New Cabalan, Olongapo City at sa Brgy. Naugsol, Subic, Zambales. Katuwang ang City Government ng Olongapo, Public Affairs Office, City of Social Welfare Development Office, National Commission on

Indigenous Peoples (NCIP) Zambales Provincial Counterpart, at Rural Health Unit ay isinagawa ang pagpaparehistro ng mga kapatid na katutubo sa National Health Insurance Program. Kasama rin sa serbisyong ibinigay ang paglakip ng mga kaukulang dokumento gaya ng IDs o certification, pagkuha ng larawan para sa PhilHealth ID, at pagbibigay ng impormasyon ukol sa PhilHealth kasama ang pagkakamit ng mga benepisyo.

Sa buong Pilipinas, 14 hangang 17 na milyon na mga katutubo ang nagmumula sa 110 na ethno-linguistic na grupo. Sa araw na iyon, malaking bahagi ng populasyon ng mga kapatid nating Aeta mula sa mga nabanggit na barangay ang naparehistro sa PhilHealth upang maseguro ang kanilang proteksyong pinansyal laban sa magastos na pagkakasakit.



Sa nasabing pagbisita ay inilahad din sa kanila ang PhilHealth Konsulta o Konsultasyong Sulit at Tama na isang “preventive phase” na isa sa layon ng Universal Health Care. Sa ilalim nito, ang mga kwalipikadong pasilidad gaya ng Rural Health Units (RHUs) ay maaaring magpa-accredit sa PhilHealth bilang Konsulta providers para makapagbigay ng serbisyo at benepisyo tulad check-up, laboratory tests/pagsusuri, maintenance medicines tulad ng gamot sa hika, presyon, diabetes, at iba pang pangunahing pangangalaga.

Sa pamamagitan nito, ang mga miyembro tulad ng mga kapatid na katutubo ay hindi na kailangang lumayo sa kanilang lugar upang makagamit ng pangunahing serbisyong pangkalusugan. Ang PhilHealth Konsulta ay naglalayong mapangalagaan ang kalusugan ng bawat Filipino upang maiwasan ang pagkakaroon o paglala ng karamdaman.

Malaki ang pasasalamat ng ating mga kapatid na katutubo na may nalalapitang PhilHealth at partner agencies sa paggarantiya ng mga programang pangkalusugan para sa lahat. Inaasahan na sa pagbabalik ng PhilHealth LHIO Olongapo ay maipamamahagi na ang mga laminated nilang PhilHealth IDs kasama ang Member Data Record o MDR.

Nakatakda namang puntahan ng LHIO Olongapo sa buwan ng Mayo ang Munisipyo ng San Narciso, Zambales. Tunay nga na sa gitna ng pandemya, ang mga limitasyon ay nagbubunsod ng inspirasyon at pagnanais na mapabuti ang paglilingkod ng PhilHealth sa lahat ng Filipino.

Dahil ang PhilHealth ay patuloy na tumutugon at tutugon sa hamon ng nagbabagong panahon.